Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagkilala sa mga Pantukoy

Panuto: Salungguhitan ang lahat ng mga **pantukoy** sa bawat pangungusap.

1. Si Miguel ay may pulang saranggola.
2. Ang tali ng saranggola ay naputol.
3. Paboritong laruan ito ni Miguel.
4. Sina Tricia at David ay mga kaibigan niya.
5. Tinulungan siya nina Tricia at David.
6. Ang saranggola ay nahulog sa bubong ng bahay ni Aling Mercy.
7. Nagpaalam ang mga bata kay Aling Mercy.
8. Hiniram nila ang hagdan nina Mang Pedring at Aling Puring.
9. Umakyat ng hagdan si Miguel.
10. Nakuha ni Miguel ang saranggola sa bubong.
11. Ang saranggola ay nasalo ni David.
12. Ang hagdan ay isinauli nina Miguel at David.
13. Sina Miguel, Tricia, at David ay pumunta sa palaruan.
14. Ang mga kaibigan nila ay naglalaro.
15. Ang mga bata ay inanyayahan na maglaro ng tumbang preso.
16. Ginamit nila ang mga lumang tsinelas.
17. Ang pangkat nina Miguel at David ay nanalo sa tumbang preso.
18. Sina Manny, Tricia, Judy, Sonny, at Bong ang mga taya sa patintero.
19. Si David ay tinaya ni Sonny.
20. Masayang naglaro ang mga bata hanggang lumubog ang araw.